


Filipino sa Piling Larang (Isports)

Unang Semestre – Modyul 1:
Kahulugan, Kalikasan at Katangian ng Pagsulat
ng Sulating Pang-Isports



Filipino sa Piling Larang (Isports) – Baitang 12

Alternative Delivery Mode

Unang Semestre – Modyul 2: Kahulugan, Kalikasan at Katangian ng Pagsulat ng Sulating Pang-isports

Unang Edisyon, 2020

Republic Act 8293, section 176 states that: No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit. Such agency or office may, among other things, impose as a condition the payment of royalties.

Borrowed materials (i.e., songs, stories, poems, pictures, photos, brand names, trademarks, etc.) included in this book are owned by their respective copyright holders. Every effort has been exerted to locate and seek permission to use these materials from their respective copyright owners. The publisher and authors do not represent nor claim ownership over them.

Published by the Department of Education

Secretary:

Undersecretary:

Assistant Secretary:

Development Team of the Module

Authors:	Mary Jane G. Pensocas
Editor:	John Albert B. Colle
Reviewers:	Mariel Eugene L. Luna
Illustrator:	Mary Jane G. Pensocas
Layout Artist:	May L. Borjal
Management Team:	Malcolm S. Garma, Director IV Dr. Jennifer F. Vivas, CLMD Chief Dennis M. Mendoza, Regional EPS In-Charge of LRMS Micah S. Pacheco, Regional ADM Coordinator Madeline Ann L. Diaz, CID Chief Dr. Gina U. Urquia, EPS In-Charge of LRMS Mariel Eugene L. Luna, EPS and Division ADM Coordinator

Printed in the Philippines by _____

Department of Education – NCR

Office Address: Misasmis St., Bago Bantay, Quezon City

Telefax: 02-929-0153

E-mail Address: depedncr@deped.gov.ph

**Filipino sa Piling Larang
(Isports)
Unang Semestre – Modyul 2:
Kahulugan, Kalikasan at Katangian ng Pagsulat
ng Sulating Pang-Isports**

This instructional material was collaboratively developed and reviewed by educators from public and private schools, colleges, and or/universities. We encourage teachers and other education stakeholders to email their feedback, comments, and recommendations to the Department of Education at action@deped.gov.ph.

We value your feedback and recommendations.

Panimulang Mensahe

Para sa mga Tagapagdaloy:

Ang unang module na ito ay magsisilbing alternatibong kagamitan sa panimula ng kurso na idinisenyo upang makatulong na matugunan ang minimithi ng Kagawaran ng Edukasyon na mabigyan ng mataas na kalidad ng edukasyon ang lahat ng mga mag-aaral na Pilipino. Upang maisakatuparan ang layuning ito, nilikha ang module na ito at magsisilbing kagamitan na makatutulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa loob o labas ng silid-aralan.

Ang gurong tagapagdaloy ng module na ito ay kinakailangang maging handa sa pagpapaliwanag sa kanyang mga mag-aaral ng mga tiyak na layunin, gawain, at inaasahang output upang matiyak ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Makatutulong din ang pagbibigay ng oryentasyon sa mga mag-aaral, magulang, o mga tagagabay tungkol sa kahalagahan ng pagsasakatuparan ng mga gawain sa loob ng module na ito. Ang kagamitang ito ay pag-aari ng Kagawaran ng Edukasyon kaya't pinapayuhan ang mga tagapagdaloy na magtagubilin sa gagamit nito na ingatan ang module. Iwasang tupiin o pilasin ang mga pahina, dumihan, basain, o alinmang kauri nito na makapipinsala sa kagamitan. Huwag din itong pasulatan ng mga sagot sa mga mag-aaral, at sahalip, ipasulat ang mga sagot o Gawain sa bukod na papel. Tiyaking masasagutan ng mga mag-aaral ang bawat palatuntunan ng module kagaya ng mga pagsusulit, gawain, at mga pagsulat.

Para sa mga Mag-aaral:

Ang huling module na ito ang pinal na gawain para sa kursong ito. Ang lahat ng iyong kasanayan sa pagbasa ng mga tekstong akademiko ay inaasahang natamo mo na sa yugtong ito ng iyong pag-aaral. Inaasahan sa iyo na ikaw ay makabubuo na ng iyong sariling panimulang pananaliksik batay sa mga paksa o suliraning iyong namamasid. Ang pananaliksik na iyong isusulat ay maikli lamang at ang layunin nito ay maipamalas mo ang iyong kasanayan sa pagsulat gamit ang asosasyon ng iyong mga karanasan at kasanayan sa pagbasa. Pinapayuhan kang maging masigasig at matiyaga sa pagsulat ng huling output na ito gaya ng iyong natutuhan mula sa mga naunang module. Iyong tandaan ang mga hinihinging katangian ng isang mananaliksik upang ikaw ay magabayan sa pagtatapos ng output na ito. Ipinaaalala rin sa iyo na gumamit ka ng panibagong papel sa pagsusulat at panatilihin malinis ang huling module na ito gaya ng mga naunang module.




Alamin

Idinesenyo at binuo ang modyul na ito upang matulungan ka sa pagkatuto ng sulating pang-Isports. Nilalayon nitong iyong matamo ang iyong kaalaman tungkol sa kahulugan, kalikasan at katangian.

Mula sa araling ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang maisasagawa ang mga sumusunod:

- Nabibigyang-kahulugan ang sulating pang-isports (CS_FI11/12PB-0a-c107)
- Nakikilala ang iba't ibang sulating pang-isports ayon sa: (a) Layunin (b) Gamit; (c) Katangian; (d) Anyo; (e) Target na gagamit (CS_FI11/12PT-0a-c-95)



Subukin

Panuto: Piliin sa kahon ang angkop na sagot at isulat ito sa patlang sa bawat bilang.

Tennis	Isports	Wika
Arbitrario	Manlalaro	

1. Pangunahin at pinakamabusising anyo ng gawaing pansagisag ng tao ang _____.
2. Ang _____ ay binubuo ng isang pangkaraniwang pisikal na gawain o kasanayan na nagbuhat sa ilalim ng napagkasunduan ng mga patakarang hayag.
3. Ang larong _____ ay ginagamitan ng raketang pang hataw ng bola habang hawak ito ng kamay.

4. Ang wika ayon kay Henry Gleason ay isang masistemang balangkas ng sinasalitang tunog na isinaayos sa paraang _____ upang magamit ng tao para sa komunikasyon.
5. Ito ay isang larong pampalakasan na binubuo ng dalawang koponan ng limang _____ sa bawat isa.

**Aralin
2**

**Kahulugan, Kalikasan at Katangian ng
Pagsulat ng Sulating Pang-Isports**



Balikan

Panuto: Hanapin sa Hanay B ang binibigyang-kahulugan sa Hanay A.
Isulat ang letra ng tamang sagot.

HANAY A

1. Ito ay uri ng pagsulat na maaaring maging kritikal na sanaysay, lab report, eksperimento, term paper o pamanahong papel, tesis o diserytasyon
2. Pampamamahayag ang uring ito ng pagsulat na kadalasang ginagawa ng mga mamahayag. Saklaw nito ang pagsulat ng balita, editorial, kolum, at lathalain.
3. Ito ay isang espesyalisadong uri ng pagsulat na tumuugon sa mga kognitibo at sikolohikal na pangangailangan ng mga mambabasa, at minsan maging ng

HANAY B

- A. Journalistic
- B. Teknikal
- C. Akademiko
- D. Propesyonal
- E. Malikhain

manunulat mismo. Saklaw nito ang iba pang subkategorya tulad ng pagsulat ng *feasibility study* at ng mga korespondesyang pampangangalakal.


4. Masining ang uring ito ng pagsulat. Ang pokus dito ay ang imahinasyon ng manunulat, bagamat maaaring piksyonal at di-piksyonal ang akdang isinusulat.
5. Ito ay isang uri ng pagsulat na nakatuon o eksklusibo sa isang tiyak na propesyon.



Tuklasin

Kahulugan, Kalikasan at Katangian ng Pagsulat ng Sulating Pang-Isports

Ano-ano ang kahulugan ng salitang ISPORTS para sa iyo? Ilagay ang iyong sagot sa loob ng mga bilog at pagsamasahin ang mga salita na iyong binigay upang ikaw ay makabuo ng isang pangungusap ukol sa kahulugan ng isports.





Suriin

Ano ba ang kahulugan ng Isports?

Ang isports ay binubuo ng isang pangkaraniwang pisikal na gawain o kasanayan na nagbuhat sa ilalim ng napagkasunduan na mga patakarang hayag, at kasama ang iba't-ibang layuning rekreasyonal kagaya ng pakikipagpaligsahan, sariling kasiyahan, pagkamtan ng premyo, paghirang ng kampeon, pagsulong ng isang kasanayan, o kombinasyon ng mga ito. Ang pagkakaiba ng layunin ang nabibigay ng katangian sa palakasan, pinag-isa kasama ang palagay ng indibidwal (o koponan) na kasanayan o natatanging tapang. Ito rin ay maaring libangan at bahagi ng mga paksang pinag-aaralan sa paaralan.

Ang isports ay tinuturing na isang bahagi ng varayti ng Filipino sa mga balitang isports sa diyaryo, dahil ito ay unti-unti nang nagiging bahagi ng buhay ng mga Pilipino. Kahit saan lugar ay may makikitang mga manlalaro ng basketbol. Ito rin ay maituturing pinakamahalagang laro para sa mga Pilipino, sapagkat hindi lang bata ang naglalaro nito. Bukod sa basketbol, karamihan din ay nahihilig sa *tennis* at *golf*. Dahil tayo ay patuloy sa pagpapayaman ng wika, nagsisilbi ito sa pagtalakay ng iba't ibang bagay lalung-lalo na ang isang bagay na nagiging bahagi ng pang-araw-araw na buhay tulad ng isports. Kung iyong titignan ang pamamahayag sa larangam ng isports, makikitang may isa varayti na wika na masasabing “pang-isports” lamang. Ang wika ay nagbabago gayundin ang mga varayti ng wika.

Ang Pagsulat ng Isports

Isa sa pinakamaganda at nakakaaliw na gawaing pampahayagan ang pagsulat ng isports dahil maraming nagbabasa ng balitang isports, nagbibigay-alIW sa mga mambabasa na sawa na sa magulong mundo ng pulitika at mga ulat na puno ng krimen, at malayang gumagamit ng mga makukulay na salita ang manunulat upang maging kaakit-akit ito sa mga babasa. Iba ang kanilang lengguwahe kumpara sa isang normal na tagapag-ulat ng balita.

Ayon kina Orellana at Anot Jr. layunin ng sulating pang-isports ay magbigay ng kasiyahan o aliw sa mga tao upang makamit ang pangkalahatang pag-unlad (*holistic development*) ng isang indibidwal at pati na rin ng lipunan.

Ang Isports Bilang Mahalagang Komponent ng Lipunan

Ang pahayagan sa mauunlad na bansa ay naglalaan ng malaking espasyo para sa isports dahil alam nila ang tulong na naibibigay nito sa tao. Ang isang lipunang mahilig sa isports ay nangangahulugan ng malusog at produktibong mga mamamayan, kung kaya't tinitignan ang isports bilang mahalagang sangkap sap ag-unlad ng isang bansa.

Bukod sa pisikal na pakinabang sa isports, isa pang benipisyo nito sa lipunan ang kakayahan nitong mapagbuklod o mapag-isa ang mga mamamayan sa pamamagitan ng mga inter-barangay na paligsahan, panood ng mga laban ni Manny Pacquiao o pagsuporta sa mga Pilipinong koponan tulad ng Gilas Pilipinas at Azkals sa mga internasyonal na paligsahan gaya ng Olympic Games, Asian Games, Southeast Asian Games, at iba pa. nagsisilbing unifying element ang isports sa isang bansa kung kaya't ganoon na lamang kalaki ang pagpapahalaga rito. Malaki ang papel ng pamahayagang isports upang iparating sa mga mamamayan ang mga kuwento ng bawat atleta at koponan na nagsisilbing inspirasyon nila.

Sa pagsulat ng isport kinakailangan na malaman natin ang mga bokabularyo gingamit ng manlalaro sa larangan ng isport. Layunin ng papel na ito na suriin ang nabubuong wika sa larangan tungkol sa isports. sa pamamagitan ng papel na ito mailalarawan kung anong klase ng wika ang ginagamit sa larangan ito. Nasesentro sa tatlong isport lamang basketbol, tennis at golf.

Mga Bokabularyong Tumutukoy sa Manlalaro

1. Basketbol

Ito ay isang larong pampalakasan na binubuo ng dalawang koponan ng limang manlalaro sa bawat isa. Layunin ng larong ito ay maihulog ang bola sa net na may sukat na 18 inches (46 cm) diyametro at may taas na 10feet (3.0 m) na nakasabit sa backboard sa bawat dulo. Isa ang basketbol sa pinaka kilala at tinatangkilik na panuorin sa daigdig.

Ang isang koponan ay makakapuntos ng isang field goal sa paghulog ng bola sa basket habang naglalaro. Ang field goal ay may dalawang puntos para sa koponan ng nakahulog sa bola kung ang manlalaro ay malapit sa basket kaysa sa linya ng tatlong puntos, at ang tatlong puntos (higit na kilala bilang 3 pointer) kung ang manlalaro ay makapuntos sa labas ng linyang ito. Ang koponan na may pinakamaraming puntos sa pagtatapos ng laro ay mananalo, subalit maaring magdagdag ng oras (overtime) kung naging table ang puntos. Maaring isulong ang bola sa loob ng kort sa pamamagitan ng pagtalbog nito habang naglalakad, tumatakbo, o sa pagpasa ng kakoponan.

Naimbento ang larong basketbol sa *Springfield, Massachusetts* sa Estados Unidos noong 1891, sumulong ito bilang isang tunay na pandaigdigang palakasan. Nagsimula ang mga organisadong paliga sa YMCA; nabuo ang mga naunang liga sa mga kolehiyo.

Sa kalaunan, naging palakasang propesyunal ang basketbol. Kahit na isang pampalakang Amerikano sa una, mabilis na kumalat sa mundo at makikita ang mga kilalang manlalaro at koponan sa ngayon sa buong mundo.

2. Tennis

Isang laro na ginagamitan ng raketang panghataw ng bola habang hawak ito ng kamay. Karaniwang dalawang tao ang naglalabanan dito na nagtatakda sa dalawang dulo ng laruang nahahati sa gitna ng isang lambat(net). Mayroon din larong tenis na dalawang pares ng manlalaro ang nagtutunggalian para sa puntos.

Ang mga kahalili ng serbisyo sa pagitan ng mga manlalaro sa bawat laro at laging announces unang puntos ng isa na nagsisilbi. Layunin ng larong ito ay upang matiyak na ang kalaban ay hindi maaring ilagay ang bola sa hangganan.

Ang isang manlalaro ng tenis ay tinatawag ding netter.

- ✚ RP netters nasapawan ang Chinese-Taipei, 3-2 (Abante, Pebrero 15)
- ✚ RFnetters nalo sa Chinese-Taipei 3 2 (Pilipino Star Ngayon, Pebrero 15)

Tulad sa basketbol, ang mga manlalaro ay may ranggo din. Kapag may ranggo ang player, ito ay tinatawag na seeded player o kaya naman ay deranggo. Kung walang ranggo ay unseeded o unranked ang tawag dito. Bukod sa pagsasabi kung ang isang player ay seeded o hindi, binabanggit din kung pang-ilan siya sa mga manlalaro sa daigdig.

3. Golf

Isang club-and- ball sport kung saan ginagamit ng mga manlalaro ang iba't ibang mga klub upang maabot ang mga bola sa isang serye ng mga butas sa isang kurso sa bilang ilang mga stroke hangga't maari.

Ang golf, hindi katulad ng karamihan sa mga laro ng bola, ay hindi maaaring at hindi gumagamit ng isang *standardized playing area*, at ang pagkaya sa iba't ibang mga teritoryo na nakatagpo sa iba't ibang mga kurso ay isang mahalagang bahagi ng laro. Ang laro sa karaniwang antas ay nilalaro sa isang kurso na may isang nakaayos na pag-unlad ng 18 butas, bagaman ang mga libangan na kurso ay maaaring maging mas maliit, kadalasan ay may 9 na butas. Ang bawat butas sa kurso ay dapat maglaman ng isang kahon ng katangan upang magsimula, at isang paglalagay ng berdeng naglalaman ng aktwal na butas o tasa (4.25 pulgada

ang lapad). May iba pang karaniwang mga uri ng lupain sa pagitan, tulad ng fairway, magaspang (matagal na damo), bunker (o "buhangin traps"), at iba't ibang mga panganib (tubig, bato) ngunit ang bawat butas sa isang kurso ay natatangi sa partikular na layout nito at pag-aayos.

► Paglalarawan ng Pagkapanalo: Basketbol

Ang pinakamahalaga para sa isang mambabasa marahil ay malaman kung sino ang nanalong koponan. Upang manalo ang isang koponan sa basketbol, kailangang gumawa ito ng maraming puntos. Hindi iisa lamang paraan ng paglalarawan nito. Maaari ring umiskor ng puntos, humataw ng puntos, humakot ng puntos o kaya naman ay kumana ng puntos. Posible ring kumamada ng puntos, magtala ng puntos at maglista ng puntos. Ang mahalaga ay may magawang puntos ang bawat isa kungkaya't maaari ring mag-ambag o pumoste ng puntos. Ang puntos ay maaari ring tabuin.

Kapag nanalo ang isang team, madaling sabihin na ito ay nanalo, nagwagi o kaya naman ay tinalo nito ang isang team ngunit mas marami pang ibang salitang magagamit upang gawing makulay ang pagbabalita tulad ng mga sumusunod:

- pinaluhod ng Toronto ang Boston (Abante, Pebrero 7)
- namayani ang Orlando sa New York (Abante, Pebrero 7)
- hinampas ng Dallas ang Golden State Warriors (Abante, Pebrero 9)
- nanaig ang Sacramento sa Vancouver (Abante, Pebrero 9)
- lumusot ang Seattle SuperSonics sa Portland Trail Blazers (Abante, Pebrero 9)
- pinadapa ng New Jersey Nets ang Atlanta Hawks (Abante, Pebrero 9)
- Na-sweep ng Jazz ang Lakers sa apat na laro... (Pilipino Star Ngayon, Pebrero 9)
- sinunog ng Miami Heat ang New York Knicks, 83-79 (Abante, Pebrero 9)

Masasabing makulay ang mga salitang ginamit ngunit may mas makulay pa rito. Ginagamit din ang mga pangalan ng mga koponan sa pagbabalita tungkol sa kanilang pagkapanalo o pagkatalo. Sa pagbabalita, ginagamit ang katangian ng mga produktong ito, lalung-lalo na bilang pamagat at sa pamamagitan nito ay nakukuha ang interes ng mambabasa. Halimbawa, ang gatas ay napapanis kaya mababasa natin ang ganito.

► TENNIS

Tulad din sa basketbol, sa tennis man ay binabanggit na sa titulo pa lamang kung sino ang nanalo. Ngunit kung ihahambing sa basketbol, ang pagpapahayag sa tennis ay hindi masyadong makulay.

► GOLF


Nasusukat sa pinakamababang bilang ng palo ng isang manlalaro, ito ay tinatawag na “pakontian ng palo sa bawat butas ng isang manlalaro o koponan sa kabuuan ng laban.

► BASKETBOL

Hindi parating nananalo ang isang team. Sa pagbabalita, kung minsan ay mas epektibong bigyang-diin ang pagkatalo ng isang koponan.

► TENNIS

Sa paglalarawan ng pagkapanalo o pagkatalo, karaniwang ginagamit ang mga salitang tulad ng pinatalsik, sinibak o hindi pinaporma. Binabanggit din ang pangalan ng manlalaro, kung saang bansa ito nanggaling at kung ano ang iskor nang magkatalo ang dalawang panig.



Pagyamanin

Gawain 1

Panuto: Pumili ng isang isports at ibigay ang mga hinihinging impormasyon sa kolum, gawin ito sa pamamagitan ng *bullet form*.

ISPORTS	MGA LAYUNIN SA PAGSULAT	MGA BENIPISYO NG ISPORTS

Gawain 2

Panuto: Sumulat ng isang maikling talata tungkol sa kahulugan ng isports para sa iyo. Isulat ito sa loob ng kahon sa pahinang ito.




Isaisip

Sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Ano ang kahalagahan ng sulating pang-isports?

2. Mayroon bang benipisyo ang pagsulat ng isang sulating pang-isports sa mga kabataan?

3. bilang isang manunulat ng isang sulating pang-isports, mahalaga bang malaman ang mga bokabularyo sa larangan ng isports?



Isagawa

Gawain 1

Panuto: Sumulat ng isang maikling talata tungkol sa larong tennis. Magsaliksik ng mga kaugnay na impormasyong tungkol dito.

Gawain 2

Panuto: Gumawa ng isang balita tungkol sa iyong paboritong isports. Gawin mo ito sa isang bukod na papel.

Mga Pamantayan sa Pagpupuntos	
1. Nilalaman ng Sulatin	40%
2. Pagkakaayos ng Kaisipan	30%
3. Orihinalidad	20%
4. Kalinisan sa Pagsulat	10%
Kabuuan	100%



Tayahin

Panuto: Piliin kung anong bola ang tinutukoy sa bawat bilang at isulat sa patlang ang letra ng tamang sagot.



A




B



C

- ___ 1. Isang laro na ginagamitan ng raketang panghataw ng bola habang hawak ito ng kamay.
- ___ 2. Ito ay larong naimbento sa Springfield, Massachusetts sa Estados Unidos noong 1891.
- ___ 3. Anong isports ang may dalawang pares ng manlalaro ang nagtutunggalian para sa puntos.?
- ___ 4. Isang club-and-ball sport na ginagamit ng mga manlalaro upang maabot ang mga bola sa isang serye ng mga butas sa isang kurso.
- ___ 5. Ito ay isang larong pampalakasan na binubuo ng dalawang koponang may limang manlalaro.



Karagdagang Gawain

Panuto: Kilalanin kung sino ang mga nasa larawan. Isulat ang iyong sagot sa patlang.



1. _____


2. _____

3. _____



4. _____

5. _____



Susi sa Pagwawasto

Subukin	Tayahin	Karagdagang Gawain
<ol style="list-style-type: none">1. Isports2. Wika3. Tennis4. Arbitrario5. Manlalaro	<ol style="list-style-type: none">1. B-Tennis2. A-Basketbol3. B-Tennis4. C-Golf5. A-Basketbol	<ol style="list-style-type: none">1. Manny Pacquiao2. Alyssa Valdez3. James Lebron4. Efren Reyes5. Robert Jaworski

Balikan

1. C
2. A
3. B
4. E
5. D

Mga Sanggunian

Filipino sa Piling Larang-Isports (2016). Kagamitan ng Mag-aaral. Kagawaran ng Edukasyon. Republika ng Pilipinas.

Orellana, Joel L. at Juanito N. Anot, Jr. (2017). Filipino sa Piling Larangan (Sports). Manila: Rex Book Store.

Viola, Bennedick T. (2016). Filipino sa Piling Larangan (Isports). Malabon City: Jimczyville Publications.

Sampung pinakasikat na Larong Tradisyunal ng mga Pinoy. (15 February 2012).

<https://www.akoaypilipino.eu/lifestyle/sampung-pinakasikat-na-larong-tradisyunal-ng-mga-pinoy/>

For inquiries or feedback, please write or call:

Department of Education –(Bureau/Office)

(Office Address)

Telefax:

Email Address: